

Ipinakikilala ang International Student Banking Offer

Ang mga internasyonal na mag-aaral na nais maabot ang mga panuntunan ng Canada sa pagkuha ng permiso upang mag-aral, ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagpopondo ng kanilang Guaranteed Investment Certificate (GIC)¹ habang nasa kanilang bansa pa sa India, China, Vietnam o sa Pilipinas.



**Tingnan kung gaano ka kadalang matutulungan ng
CIBC International Student Banking Offer upang
maghanda para sa iyong bagong buhay sa Canada.**



Ang iyong kinabukasan ay magsisimula rito

Bilang nangungunang pinansiyal na institusyon na nakabase sa Canada, trabaho namin ang pagtulong sa aming mga kliyente na makamit kung anong mahalaga sa kanila. Bilang internasyonal na mag-aaral na naghahanda upang mag-aral sa ibang bansa, alam namin na maraming gagawin bago ka dumating, at ang sistema ng bangko sa Canada ay maaaring iba sa sistema ng bangko sa sarili mong bansa. Iyan ang dahilan kaya binuo namin ang **CIBC International Student Banking Offer (ISBO)**, at kaya narito ang CIBC upang tumulong sa iyo sa bawat hakbang mo sa iyong paglalakbay.

Anong nasa loob?

Ito ang **ISBO Application Guidebook**. Makikita mo sa loob ang detalyadong impormasyon tungkol sa aming mga ISBO program habang pinaplano mo ang iyong pag-aaral sa Canada, kasama ang mga instruksiyon ng bawat hakbang upang madaling makumpleto ang iyong aplikasyon sa online.

Kunin ang Iyong Permisong Upang Mag-aral nang Mas Mabilis	3
CIBC International Student Banking Offer (ISBO)	4
Pagkumpleto ng Iyong ISBO Application	5
Seksyon A: Mga Programa & Pagbabayad	6
Seksyon B: Impormasyon ng Mag-aaral	7
Seksyon C: Sumaryo ng Bayad.....	11

Kunin ang Iyong Permisong Upang Mag-aral nang Mas Mabilisa

Ang mga internasyonal na mag-aaral na nais maabot ang mga panuntunan ng Canada sa pagkuha ng permisong upang mag-aral ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagpopondo ng kanilang Guaranteed Investment Certificate (GIC)¹ habang nasa kanilang bansa pa sa India, China, Vietnam o sa Pilipinas.

Bago ka dumating sa Canada maaari kang:

- Makakuha kaagad ng GIC¹ upang maabot ang mga panuntunan ng iyong permisong upang mag-aaral
- Magbukas ng deposit account nang mabilis² para sa iyong pang-araw-araw na pangangailangan sa bangko sa Canada
- Maglipat ng pondo online nang mahusay gamit ang gusto mong pera³ na walang bayad sa serbisyo⁴
- Alamin pa ang tungkol sa aming mga travel reward at mga cash back credit card⁵

Ang pagpapalayo na iwanan ang sarili mong bansa at lumipat sa Canada ay nangangailangan ng maraming pagsisikap. Sa CIBC, narito kami upang tulungan kang maghanda para makalipat ka ng Canada na mayroong kumpiyansa.

Kontakin kami sa mailbox.isbo@cibc.com



* Ang inaasahang petsa ng iyong pagdating ay dapat sa loob ng 365 araw (12 buwan) mula sa petsa na isinumite mo ang iyong ISBO application. Kung darating ka nang mahigit sa 365 araw, mangyaring maghintay at mag-aplay kapag makakarating ka na sa Canada sa loob ng 365 araw. Ikaw ay dapat nasa 15 taon o mahigit upang magsumite ng ISBO application.

CIBC International Student Banking Offer (ISBO)

Tingnan kung paano makakatulong ang aming ISBO program sa iyong paghahanda sa bagong buhay sa Canada.

Gamitin ang **CIBC Student GIC Program**¹ upang maabot ang mga panuntunan ng permiso sa pag-aaral sa Canada sa pamamagitan ng pagpopondo muna sa iyong Guaranteed Investment Certificate (GIC)¹ bago ka dumating sa Canada.

Habang nasa India, China, Vietnam o sa Pilipinas, gamitin ang **CIBC Student Deposit Program**² upang madaling makapagbukas ng bagong deposit account² online para sa iyong pang-araw-araw na pangangailangan sa bangko habang nasa paaralan. Ang iyong bagong CIBC Smart™ Account for Students ay nakapagpapakita ng patunay ng pondo bago ka dumating, at hindi na gaanong kakailanganin ang pagdadala ng maraming pera habang bumibiyahe.

CIBC Student GIC Program¹

- Magdeposito ng minimum na \$10,000 CAD (hanggang \$20,000 CAD) upang mag-enroll sa CIBC Student GIC Program¹
- Maglipat ng pondo online nang mahusay gamit ang gusto mong pera³ na walang bayad sa serbisyo⁴
- Magdeposito ng \$2,000 CAD sa iyong bagong CIBC Smart™ Account for Students kapag dumating ka sa Canada
- Makatanggap ng bahagi ng iyong puhunan sa kada buwan sa loob ng 12 buwan – humigit-kumulang \$1,000 CAD sa 8 pare-parehong halaga
- Pagkatapos ng 12 buwan, maibabalik na sa iyo ang iyong \$10,000 CAD na puhunan, at kinitang interes

CIBC Student Deposit Program²

- Maglipat ng minimum na \$1,000 CAD hanggang \$20,000 CAD sa iyong bagong deposit account² bago ka lumipat sa Canada
- Maglipat ng pondo online nang mahusay gamit ang gusto mong pera³ na walang bayad sa serbisyo⁴
- Agad na i-activate ang iyong account sa pagdating mo sa Canada sa isa sa alinman sa aming mga CIBC Banking Centres
- Kasama sa mga benepisyo ang walang buwanang bayad sa account, di-limitadong transaksyon,⁶ at libreng *Interac* e-transfers
 - Ang *Interac* e-transfers ay kumbinyenteng paraan upang magpadala, humingi at tumanggap ng pera nang direkta mula sa isang Canadian bank account patungo sa iba⁷
- Ang mga benepisyo ng iyong account ay magtatagal hanggang sa petsa ng iyong gradwasyon (hanggang apat na taon) at saka anim na karagdagang buwan pagkatapos ng gradwasyon

Pagkumpleto ng Iyong ISBO Application

Kumpletuhin ang iyong ISBO application online sa pamamagitan ng tatlong mahahalaga seksyon:

Seksyon A: Mga Programa & Pagbabayad

Piliin ang ISBO program na inaaplayan mo:

- CIBC Student GIC Program¹; or
- CIBC Student Deposit Program²

Seksyon B: Impormasyon ng Mag-aaral

- Ilagay ang iyong personal na impormasyon

Seksyon C: Sumaryo ng Bayad

- Rebyuhin ang iyong mga detalye at kapag handa na, i-click ang ISUMITE upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon!

Anuman ang piliin mong programa, tiyaking ihanda ang mga sumusunod na dokumento upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon:

- Iyong pasaporte
- Iyong Liham ng Admisyon (sa pdf o jpg format)
- Ang pangalan ng campus ng iyong paaralan sa Canada

Kapag naisumite na, makikipag-ugnayan sa iyo ang CIBC sa loob ng 1 araw upang kumpirmahin ang iyong aplikasyon.

Kailangan mo ng tulong sa iyong online application?

I-email kami sa mailbox.ISBO@CIBC.com



Seksyon A: Mga Programa & Pagbabayad

Piliin ang ISBO program na inaaplayan mo:

- CIBC Student GIC Program¹
- CIBC Student Deposit Program²

Pagkatapos ilagay ang halaga na nais mong ideposito sa iyong bagong CIBC account:

Para sa CIBC Student Deposit Program:

- Minimum na Halaga ng Puhunan:
\$1,000 CAD
- Maximum na Halaga ng Puhunan:
\$20,000 CAD
- Pumili ng Bansa para sa Pagbabayad:
Piliin ang bansa na kasalukuyan kang nakatira at mayroong pasaporte (i.e. India, China, Vietnam o Pilipinas)
- Pumili ng Perang Pambayad³: Piliin ang pera na nais mong gamitin para sa iyong internasyonal na wire transfer
- Kung ang napili mong pera³ ay wala sa dropdown maaari mong piliin na pambayad ang Canadian Dollar

Para sa CIBC Student GIC Program:

- Minimum na Halaga ng Puhunan:
\$10,000 CAD
- Maximum na Halaga ng Puhunan:
\$20,000 CAD
- Pumili ng Bansa para sa Pagbabayad:
Piliin ang bansa na kasalukuyan kang nakatira at mayroong pasaporte (i.e. India, China, Vietnam o Pilipinas)
- Pumili ng Perang Pambayad³: Piliin ang pera na nais mong gamitin para sa iyong internasyonal na wire transfer
- Kung ang napili mong pera³ ay wala sa dropdown maaari mong piliin na pambayad ang Canadian Dollar

Alam naming nagsisikap ka nang mabuti para sa iyong kinabukasan, kaya lumikha kami ng solusyon sa pagbabangko na tama para sa iyo.



Seksyon B: Impormasyon ng Mag-aaral

1	Titulo	Piliin ang iyong titulo mula sa dropdown
2	Legal na Pangalan	Ilagay ang iyong Legal na Pangalan, Panggitna, at Apelyido na lalabas sa iyong pasaporte. Mahalaga ito dahil ito ang pangalan na iiugnay sa iyong CIBC bank account. Mangyaring tandaan — ang mga espesyal na karakter ay hindi pinapayagan sa mga patlang na ito
3	Pangalan	Ilagay ang iyong Pangalan at Apelyido sa wika ng iyong sariling bansa (ito ay isang opsyonal na espasyo na nagpapahintulot sa iyo na maglakip ng ibang pangalan na ginagamit mo sa iyong bansa)
4	Pangalan ng Paaralan at Campus	Piliin ang paaralan kung saan ka natanggap sa Canada. Mangyaring piliin rin ang pangalan ng campus ng iyong paaralan, dahil makakatulong ito sa amin na malaman ang CIBC Banking Centre na pinakamalapit sa iyo
5	Di-tiyak na Petsa ng Pagdating	Ito ang petsa na inaasahan mong dumating sa Canada. Ang petsang ito ay dapat sa loob ng 365 araw (12 buwan) mula sa petsa na isinumite mo ang iyong aplikasyon. Kung darating ka nang mahigit sa 365 araw, mangyaring maghintay at mag-aplay kapag makakarating ka na sa Canada sa loob ng 365 araw
6	Di-tiyak na Petsa ng Gradwasyon	Ito ang petsa na inaasahan mong magtapos mula sa programa kung saan ka naka-enroll
7	Paggagamitan ng Account	Bilang isang bangko, inuutusan kami ng batas na tanungin ang mga kliyente tungkol sa paggagamitan ng bank account na inaaplayan nila. Ang impormasyong ito ay hindi gagamitin sa anumang ibang layunin. Mangyaring pumili ng naaangkop na opsyon na nagpapaliwanag ng paggagamitan ng iyong account
8	Kategorya ng Trabaho / Deskripsiyon ng Trabaho / Detalyadong Deskripsiyon	Hihilingin ka ng mga tanong na ito na tukuyin kung anong ginagawa mo sa kasalukuyan sa sarili mong bansa. Mangyaring piliin ang "Mag-aaral". Bilang isang bangko, inuutusan kami ng batas na itanong sa mga kliyente ang impormasyong ito kapag nag-aplay sila ng bagong account Ang impormasyong ito ay hindi gagamitin sa anumang ibang layunin
9	Mabebenepisyohan ba ng Account na ito ang Ikatlong Partido?	Hinihiling ka ng tanong na ito na kumpirmahin na ang iyong CIBC account ay ikaw lamang ang gagamit at hindi ibang tao a) Piliin ang "Hindi" kung ang account ay ikaw lamang ang gagamit b) Piliin ang "Oo" kung ang account ay gagamitin para sa iba Inuutusan kami ng batas na itanong sa mga kliyente ang impormasyong ito kapag nag-aplay sila ng bagong account. Ang impormasyong ito ay hindi gagamitin sa anumang ibang layunin
10	Liham ng Admisyon	Mangyaring i-upload ang Pagtanggap / Liham ng Admisyon na natanggap mo mula sa paaralan sa Canada na papasukan mo. Napakahalaga na ilagay ang iyong Legal na Pangalan sa dokumentong ito. Maaari itong i-upload sa pdf o jpg format sa maximum na laki na 5M

Para sa Piling Mga Bansa Lamang

1. Saan mo kinuha ang pondong iyong iwa-wire transfer (idedeposito) sa iyong CIBC account? Piliin ang opsyon mula sa dropdown na pinakanaaangkop sa iyo
2. Kung pipiliin mo ang “Miyembro ng Pamilya”, mangyaring ilagay ang detalye ng trabaho ng iyong miyembro ng pamilya sa sumusunod na dalawang larangan: “Kategorya ng Trabaho” at “Deskripsiyon ng Trabaho”
3. Sa “Pangalan ng Kumpanya” at “Tagapagbigay ng Scholarship” na seksyon ay maaari kang maglagay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mo popondohan ang iyong bagong CIBC account (kung naaangkop)
 - Kung pinili mo ang “Personal na Empleyado” o “Miyembro ng Pamilya” mula sa tanong #1, ilagay ang pangalan na ibinigay mo sa larangan mula sa tanong #1, pagkatapos ang pangalan ng kumpanya na ikaw o iyong miyembro ng pamilya ay empleyado
 - Kung pinili mo ang “Scholarship”, mangyaring ilagay ang pangalan ng asosasyon na nagpopondo ng iyong scholarship
4. Sa iyong unang taon sa paaralan, ilang mga wire transfer (deposito) ang inaasahan mong matanggap (kasama ang unang wire para ihanda ang iyong bagong account)?
5. Ano ang kabuuang halaga na inaasahan mong matanggap mula sa lahat ng wire transfer (deposito)? Ang tanong na ito ay may kaugnayan sa #4 sa itaas — kuwentahin ang lahat ng halaga ng iyong inaasahang wire transfer (deposito) at ipasok ang kabuuan dito
6. Saan mo gagamitin ang iyong CIBC account? Mangyaring pumili ng naaangkop na opsyon na nagpapaliwanag ng paggagamitan ng iyong account



Mga Detalye upang Makontak

1	Adres	Ilagay ang mga detalye kung saan ka nakatira ngayon (i.e. sa India, China, Vietnam o sa Pilipinas) kasama ang Numero ng Kalye, Pangalan ng Kalye, Estado / Probinsiya, Siyudad, at ZIP / Postal Code. Kung hindi naaangkop sa iyo ang ZIP / Postal Code, mangyaring ilagay ang N/A
2	Numero ng Telepono	Ilagay ang iyong kasalukuyang numero ng telepono. Mangyaring ilakip ang area code
3	Rehistradong Email Address	Ilagay ang iyong email address. Ito ang email na gagamitin ng CIBC upang kontakin ka. Ito rin ang email address na gagamitin mo upang mag-sign in sa ISBO online platform para tingnan ang status ng iyong aplikasyon. Tinatawag namin itong "rehistradong email address" mo
4	Kumpirmahin ang Email Address	Muling ilagay ang parehong email address. Maingat na suriin upang matiyak na walang mga mali, at upang kumpirmahin na ang email address na ginamit para sa #3 (sa itaas) at #4 (dito) ay magkatugma. Susuriin din namin, kaya makakakita ka ng error message kung hindi sila magkatulad
5	Password	Lumikha ng password. Ito ang magiging password na gagamitin mo upang mag-sign in sa ISBO online platform. Para maging ligtas, hinihiling namin na dapat ito ay may 8 karakter, may kahit 1 kapital na letra at 1 espesyal na karakter
6	Kumpirmahin ang Password	Muling ilagay ang iyong password (i.e. parehong password na ginamit sa #3 at #4 sa itaas). Maingat na suriin upang matiyak na walang mga mali, at upang kumpirmahin na ang email address na ginamit para sa #5 (sa itaas) at #6 (dito) ay magkatugma

Mga Detalye ng Pasaporte

1	Numero ng Pasaporte	Ilagay ang numero ng iyong pasaporte
2	Petsa ng Pag-isyu ng Pasaporte	Piliin ang petsa ng pag-isyu sa iyong pasaporte. Ang petsang ito ay dapat nauna sa petsa ngayong araw
3	Petsa na Wala ng Bisa ang Pasaporte	Piliin ang petsa na mawawalan ng bisa ang iyong pasaporte. Ang petsa ay dapat lagpas sa petsa ngayong araw
4	Bansa ng Pag-isyu	Ilagay ang bansa kung saan inisyu ang iyong pasaporte
5	Petsa ng Kapanganakan	Piliin ang petsa ng iyong kapanganakan. Ikaw ay dapat 15 taon o higit pa upang magsumite ng aplikasyon

Referral Details

1

Uri ng Referral

Tatanungin ng tanong na ito kung paano mo nalaman ang tungkol sa aming ISBO

- Kung ni-refer ka ng isang kaibigan, kuwalipikado kayong dalawa na makatanggap ng \$25 na bonus.⁸ Bisitahin ang cibc.com/isbo para sa marami pang detalye

2

Mga Detalye ng Referral

Hihingin ng tanong na ito ang mga detalye ng kaibigang nag-refer sa iyo sa ISBO

- Kung hindi ito naaangkop sa iyo, mangyaring ilagay ang N/A



Tingnan kung paano makakatulong ang aming ISBO program sa iyong paghahanda sa bagong buhay sa Canada.

Seksyon C: Sumaryo ng Bayad

1

Suriin ang lahat ng detalye sa **Impormasyon ng Mag-aaral** na seksyon sa ISBO online platform upang tiyakin na tama ang lahat. Kung kailangan mong itama ang mga detalye, mangyaring pumunta sa ibaba at piliin ang “Baguhin” na button

2

Maingat na suriin ang Mga **Tuntunin at Kundisyon, Deposit Account, Mga Detalye ng Pagkapribado**, at **Ibang** seksyon sa ISBO online platform (maaari kang mag-print ng mga kopya para may rekord ka). Ito ang opisyal na Mga Tuntunin at Kundisyon ng iyong programa

3

Kapag tapos ka na sa pagbabasa ng mga dokumentong ito nang detalyado at kapag handa na, mangyaring piliin ang check box na “Sumasang-ayon ako” sa nasa itaas na Mga **Tuntunin, Dokumento at Pahintulot sa Pagkapribado**

4

Kapag handa na, i-click ang **ISUMITE** upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon

Binabati ka namin! Mas malapit ka ng makapag-aral sa labas ng bansa!

Mahahalagang Paalaala

- Kapag nagsumite ka ng iyong aplikasyon, sisimulan ng CIBC ang proseso ng pagbubukas ng iyong bagong account. Maaari mong sundan ang iyong aplikasyon sa online sa pamamagitan ng pag-sign on sa ligtas na ISBO platform gamit ang iyong rehistradong email address at password na iyong nilikha
- Kokontakin ka ng CIBC sa loob ng 1 araw na may trabaho sa pamamagitan ng email upang kumpirmahin ang mga instruksiyon ng iyong pagbabayad. Kabilang sa mga instruksiyon ang iyong bagong-gawa na CIBC bank account number (i.e. kung saan idedeposito ang iyong internasyonal na wire transfer na bayad)
- Ang internasyonal na wire transfer ay dapat nagmula sa iyong bangko sa India, China, Vietnam o sa Pilipinas. Isang internasyonal na wire transfer lamang ang pinapayagan hanggang makarating ka sa Canada at i-activate ang iyong account. Kung kinakailangan, maaaring hilingin ang mga refund sa ISBO online platform kapag naisumite mo na ang iyong wire transfer. Tatangunin ka namin kung bakit kailangan mo ng refund, at kailangan naming ipagbigay-alam sa Canadian Consulate ang tungkol sa iyong hiling. Ang bayad sa pagpoproseso ng refund ay \$20.00 bawat transaksyon

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong:

1. Piliin ang FAQs mula sa itaas na menu sa [ISBO online platform](#) para sa mga sagot sa kadalasang mga tanong
2. I-email nang direkta sa amin ang iyong mga tanong sa mailbox.ISBO@CIBC.com



¹ Ang CIBC Student GIC Program ay available sa mga mag-aaral mula sa India, China, Vietnam o sa Pilipinas. Ang mga mag-aaral ay maaaring magpadala ng minimum na \$10,000 CAD hanggang \$20,000 CAD sa anumang uri ng pera na inaalok ng CIBC upang magpatala sa GIC program. Kakailanganin na magbukas ka ng isang CIBC Deposit account upang bumili ng mga GIC. ² Ang CIBC Student Deposit Program ay available para sa mga mag-aaral mula sa India, China, Vietnam o sa Pilipinas. Ang mga mag-aaral ay maaaring magpadala ng minimum na \$1,000 CAD hanggang \$20,000 CAD sa anumang uri ng pera na inaalok ng CIBC upang magpatala sa CIBC Student Deposit Program. Ang inaasahang petsa ng iyong pagdating ay dapat sa loob ng 365 araw (12 buwan) mula sa petsa na isinumite mo ang iyong ISBO application. Kung darating ka nang mahigit sa 365 araw, mangyaring maghintay at mag-aplay kapag makakarating ka na sa Canada sa loob ng 365 araw. Ikaw ay dapat nasa 15 taon o mahigit upang magsumite ng ISBO application. ³ Nagbibigay ang CIBC ng akses sa lahat ng maunlad na uri ng pera sa merkado at piling pampaunlad na mga uri ng pera sa merkado. ⁴ Naiaaplay ang halaga ng foreign exchange. ⁵ Mga kuwalipikadong card lamang. Naiaaplay ang mga pamantayang sukatan. ⁶ Kasama sa isang transaksyon ang mga tseke, withdrawal, paglilipat ng pera, mga bayad na paunang inawtorisahan, mga bill payment (kabilang ang CIBC Credit Card at ang CIBC Personal Lines of Credit) at pagbili gamit ang debit. Para sa lahat ng account, ang mga paglipat ng pera sa mga CIBC-branded loan (hindi kasama ang CIBC Personal Lines of Credit), mga pagpapautang at pamumuhunan (nakarehistro o hindi nakarehistro) ay libre. Ang ibang mga bayarin (dagdag sa anumang bayad sa transaksyon) ay kinabibilangan ng: withdrawals mula sa mga non-CIBC bank machine, *Interac* e-Transfer na transaksyon (ang *Interac* e-Transfer na bayarin ay hindi na sisingilin para sa CIBC Smart Accounts, CIBC PremierService Accounts at para sa mga kliyente na nakatala sa CIBC Advantage para sa mga Kabataan, CIBC Smart para sa mga mag-aaral, CIBC Smart para sa mga Nakatatanda (sa CIBC Smart Account) at CIBC Advantage para sa mga mag-aaral (sa CIBC Everyday Chequing Account) at mga transaksyon sa banyagang pera (kabilang ang mga tseke na nakasulat ayon sa uri ng pera maliban sa currency account). ⁷ Available kasama ng mga pinansyal na institusyon. ⁸ Naiaaplay ang Mga Tuntunin at Kundisyon. Bisitahin ang www.cibc.com/isbo para sa higit pang detalye. Ang mga produkto at ang kanilang mga tampok ay maaaring magbago sa anumang oras.

Ang CIBC Capital Markets ay isang trademark brand kung saan iba't ibang legal na mga entity ang nagbibigay ng iba't ibang serbisyo. Kabilang sa mga inaalok na produkto at/o serbisyo ng Canadian Imperial Bank of Commerce ang pagpapautang sa mga korporasyon, foreign exchange, mga instrumento sa pamilihan ng pera, structured notes, mga produkto na may halagang interes at mga OTC na deribatibo. Ang Foreign Exchange Disclosure Statement ng CIBC na nauugnay sa mga panununtunan na nasa FX Global Code ay matatagpuan sa www.cibccm.com/fxdisclosure. Ang iba pang mga produkto at serbisyo, tulad ng exchange-traded equity at mga opsyon sa equity, fixed income securities at futures execution ng Canadian securities, ay inaalok sa pamamagitan ng direkta at di-direktang pinamamahalaan na mga subsidiary ng CIBC gaya ng nakasaad sa ibaba.

Ang CIBC World Markets Inc. ay isang miyembro ng Canadian Investor Protection Fund at ng Investment Industry Regulatory Organization ng Canada. Sa United States, ang CIBC World Markets Corp. ay isang miyembro ng Financial Industry Regulatory Authority at ng Securities Investor Protection Fund. Ang CIBC World Markets plc ay awtorisado ng Prudential Regulation Authority at nasa ilalim ng regulasyon ng Financial Conduct Authority at Prudential Regulation Authority. Ang CIBC World Markets Securities Ireland Limited ay nasa ilalim ng regulasyon ng Central Bank of Ireland. Ang Canadian Imperial Bank of Commerce, Sydney Branch (ABN: 33 608 235 847), ay isang awtorisadong sangay ng banyagang bangko na nasa ilalim ng regulasyon ng Australian Prudential Regulation Authority (APRA). Ang CIBC Australia Ltd (AFSL No: 240603) ay nasa ilalim ng regulasyon ng Australian Securities and Investment Commission ("ASIC"). Ang CIBC World Markets (Japan) Inc. ay isang miyembro ng Japanese Securities Dealer Association. Ang Canadian Imperial Bank of Commerce, Hong Kong Branch, ay isang rehistradong institusyon sa ilalim ng Securities and Futures Ordinance, Cap 571.

Ang Canadian Imperial Bank of Commerce, Singapore Branch, ay isang bangko sa ibang bansa na lisensyado at nasa ilalim ng regulasyon ng Monetary Authority of Singapore.

Ang *Interac* at *Interac* e-Transfer ay mga rehistradong trademark ng *Interac* Inc. na ginagamit sa ilalim ng lisensya. Ang CIBC Smart™ Account for Students ay Trademark ng CIBC o ng mga subsidiary nito. Ang CIBC Capital Markets at ang CIBC Cube Design ay mga trademark ng CIBC, na ginagamit sa ilalim ng lisensya.